4

# Modelong Banghay-Aralin sa GMRC

Kuwarter 4

Aralin 6

PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa GMRC 4**
**Kuwarter 4: Aralin 6, (Linggo 8)**
**SY 2024-2025**

Ang materyal na eto ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:** Lily Fetalsana-Apura

**Tagasuri:** Liza T. Bacierra

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**GMRC/ KUWARTER 4 / BAITANG 4**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga gawain ng katapatan sa pamayanan bilang indikasyon ng pananampalataya. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga wastong pagtugon sa mga itinakdang situwasyon na nagbibigay-pagkakataon na ipakita ang kaniyang katapatan bilang tanda ng pagiging matapat. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | 1. Naisasabuhay ang pagiging matapat sa pamamagitan ng pagbabalik ng mga bagay na hindi kaniya, pagiging totoo sa salita, at gawa.<br>2. Natutukoy ang mga gawain ng katapatan na umiiral sa pamayanan.<br>3. Naipaliliwanag na ang mga gawain ng katapatan sa pamayanan bilang indikasyon ng pananampalataya ay patunay ng pagsasabuhay ng mga aral ng kinabibilangang relihiyon o paniniwala. |
| **D. Nilalaman** | Mga Gawain ng Katapatan sa Pamayanan bilang Indikasyon ng Pananampalataya<br>3. Katapatan sa Pamayanan at mga Tanda Nito<br>4. Pagsasabuhay ng Katapatan sa Pamayanan |
| **E. Lilinanging Pagpapahalaga** | Mapagkumbaba (Humility) |
| **F. Integrasyon** | Ang Relihiyon at Ibang Paniniwala<br>Mga Wikang sa Ibang Rehiyon ng Pilipinas<br>Simpleng Pag-aaral/*Research*<br>Pamayanan |

**II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO**

Abolarin, I. & Babalola, J., 2020. Christian religious education and integrity: A case study. KOERS — Bulletin for Christian Scholarship, 85(1). Available at: https://doi. org/10.19108/KOERS.85.1.2494

Ashworth, Pat. July 2023. Honesty most important to all religious groups, survey finds. Available on line at: https://www.churchtimes.co.uk/articles/2023/7-july/news/uk/honesty-most-important-to-all-religious-groups-survey-finds.

Baker, Jessica, A Christian Perspective on Integrity in Biology research: Fostering God-Honoring motivations to encourage Integrity. Available at https://christianscholars.com/a-christian-perspective-on-integrity-in-biology-research-fostering-god-honoring-motivations-to-encourage-integrity/

Chalim, Abdul, 2019. Journal of Law, Policy and Globalization www.iiste.org ISSN 2224-3240 (Paper) ISSN 2224-3259 (Online) DOI: 10.7176/JLPG Vol.86 (2019). Available at https://core.ac.uk/download/pdf/234652184.pdf

n.a., n.d. Ang panata at Batas ng Girl Scout. Available online at https://girlscoutblogcom.wordpress.com/2016/11/29/first-blog-post/by Alyssa Lopez.

Miller, Leon, 2017. Faith, Integrity, and Integral Being. Indian Philosophical Quarterly, 2017, VLIV (1-2), pp.103-124. ffhal-01823728 Available online at https://hal.science/hal-01823728/document

n.a., n.d. Ang panata ng boy scout available online at https://scouts.org.ph/oath-and-law/.

n.a, May 30, 2021. Yahoo Poll: If you find P 1 million in cash, would you return it to its owner? Available online at: https://sg.news.yahoo.com/yahoo-poll-if-you-find-1-million-in-cash-would-you-return-owner-philippines-061738988.html.

n.a. n.d. Tree image available online at https://www.google.com/url?sa=i&url=https%3A%2F%2Fwww.istockphoto.com%2Fillustrations%2Ftree-roots-underground&psig=AOvVaw0fyEVREjJ3C8QtVd9MMFRw&ust=1709350325567000&source=images&cd=vfe&opi=89978449&ved=0CBMQjRxqFwoTCIjT3IuP0oQDFQAAAAAdAAAAABAD

Sabater, Valeria, Jlu 29 2022. Karl Koch’s Tree Test-ExploringExploring your mind. Available on line at: Kaarl KOck’s Tree Test, https://exploringyourmind.com/karl-kochs-tree-test/.


| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | MGA TALA SA GURO |
|---|---|

| | | |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**Maikling Balik-aral**<br><br>Maghihikayat ang guro ng tatlong mag-aaral na magbahagi ng dala nilang larawan (bahay aralin) na nagpapakita ng katapatan. | Maaaring magbigay ng *feedback* sa pagsusulit at mga gawang aralin. |

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatotoo sa Aralin**<br><br>Sa simula ng aralin, napag-usapan natin si Rowena Panique. Isang napakalinaw na tanda ng katapatan na nakita sa kaniya ay ang pagsauli ng bagay, o hindi pag-angkin ng bagay na hindi kaniya. Napag-aralan din natin na ang birtud ng katapatan ay ikabubuti ng indibidwal, pamilya, at bayan. Nagbubunga ito ng mamamayan na makatao, makabayan, at makakalikasan. Dahil tapat sa sarili at malinaw ang pananaw ng taong matapat. Tumatayo siya sa katotohanan. Umaayaw siya sa kasinungalingan. Kaya **ang pag-iisip at pananaw sa sarili man, sa ibang tao, at sa mga nangyayari ay makatotohanan**. Hindi siya madaling malinlang. Halimbawa ang masama ay masama. Ang masama ay hindi puwede na maging tama. **Ang paniniwala, salita, at gawa ng matapat na indibidwal ay magkatugma.**<br><br>**Tanong at sagot:**<br>Hihikayatin ang klase o mag-aaral na galing sa Visayas (Cebu, Negros, Iloilo) o iba pang lugar na ang salita ay Cebuano o Ilongo o Hiligaynon rehiyon at may natatanging wika na magbahagi ng nalalaman nila.<br><br>May alam ba kayong ibang wika maliban sa Filipino? Ano ang katapatan sa wikang ito? Ano ito sa wikang English?<br>Ano ang katapatan sa mga wikang Filipino na alam ninyo?<br>sa Ilocano ito ay **nalinteg**.<br><br>Ano ang katapatan sa iyong wika?<br>Aming wika:____________________________________________<br>"Katapatan" sa aming wika ay:___________________________ | Sagot: Ang katapatan ay maaring isalin sa mga salitang truthfulness, honesty, reliability, trustworthiness, faithfulness. |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 3: Katapatan sa Pamayanan at mga Tanda Nito**<br><br>**I. Pagproseso ng Pag-unawa: Pagtatalakay**<br><br>Mas lalo pang mauunawaan natin ang kahulugan ng katapatan batay sa mga salitang kasingkahulugan nito sa iba't-ibang wikang Filipino. Sa Ilonggo o Hiligaynon ang katapatan ay "**pagkamatinu-uron**." Galing ito sa salitang "tinuod" | |

| | | |
|---|---|---|
| | na ibig sabihin ay totoo. Ang salitang **“pagkamatinud-anon**” naman ang **Cebuano** ng salitang matapat. Makikita natin sa mga salitang ito na ang katapatan ay na-uugnay sa katotohanan. Ang katapatan ay ugnay sa mga bagay na totoo, o tunay. Ito ang kalagayan ng pagiging wasto, hindi mapagkunwari, at hindi nagpapanggap. Sa konteksto ng kaalaman, ang katotohanan ay pintutunayan ng mga datos, impormasyon, o realidad na hindi binabago batay sa personal na opinyon o paniniwala. Ito rin ay may kinalaman sa pagtukoy sa realidad ng tama, pagpapakita ng integridad sa komunikasyon, at pagiging tapat sa sarili at sa iba.<br><br>Makatotohanan at malinaw ang tinutukoy ng taong tapat. Sinasabi niya ang totoo at walang layuning manloko. Makikita ang katapatan sa gawa at buhay. Dahil nagsusumikap na maging tapat napapahusay ang sarili mismong buhay dahil ito ay nakabatay sa tunay na kalagayan ng mga bagay-bagay. Ang **pagpapahalaga sa katapatan nagtutulak sa isang taong mamuhay sa katotohanan ng walang pandaraya o panlilinlang.** Makikita ang katapatan sa salita sa pagpapahayag ng tunay na saloobin at opinyon. May makatotohanang pagkilala sa sarili ang matapat na tao. Hindi siya marunong magmalinis. **Marunong siyang magpakumbaba.** Ang batang matapat ay **magalang at maunawain** sa iba. Isinasaalang alang niya ang tamang pag-uugali at inuugnay niya ang kaniyang pag-uugali sa tama. Kaya nadadala ng pagkamatapat ang lahat ng mabubuting pag-uugali. **Marunong makisama, pero marunong din tumayo sa tama at tumanggi** sa hikayat na sa tingin niya ay mali. **Pinakikinggan ang kaniyang budhi o konsensya** kaya napapanatili itong malakas at dalisay. Dahil dito maaasahan ang salita at gawa ng taong matapat.<br><br>**Gawang Aralin**<br><br>**Mga Tanda ng Katapatan Tsart**<br><br>Magpa pangkat-pangkat ang klase. Bawat pangkat ay gagawa ng Tsart na naglalarawan ng mga tanda ng katapatan sa iba't-ibang aspekto ng buhay: pansarili, pamilya, pamayanan, at panlipunan, gamit ang mga larawan na dala nila. Puwedeng hatiin ang tsart sa iba-ibat seksyon<br><br>Magkakaroon ng maikling presentasyon ng kanilang **Mga Tanda ng Katapatan Tsart**, ang bawat pangkat. | Gawaing Pantahanan:<br><br>Sasabihin sa mga mag-aaral na magdala ng mga lawaran na nagpapakita ng pagiging matapat para sa kanilang gawang aralin kinabukasan. |

| | | |
|---|---|---|
| | Mga gamit na kailangan: Lumang kalendaryo (malaki), mga larawan na nagpapakita ng mga tanda ng katapatan, gunting, pasta, krayola. Puwede ang mga recycled na pang palamuti.<br><br>Gabay sa Pagmarka<br><br>**9-10/10:** Maganda ang pagkaka-ayos, at malinaw na malinaw na naipakita ang kaugnayan ng katapatan sa katotohanan at pagkatotoo sa tsart. Nagpapakita ang gawa at pangkat ng katapatan sa sariling gawain. Nagbibigay ng magandang halimbawa sa ibang grupo. Sumunod ang grupo sa panuto, maayos ang proseso ng paggawa ng grupo, at masinop ang paggamit ng mga materyales (*recylced*) o hindi maaksaya. Inayos ang mga gamit at kalat pagkatapos ng gawa.<br><br>**6-8**: Malinaw na naipakita ang kaugnayan ng katapatan sa katotohanan at pagkatotoo sa tsart, maayos ang pagkakagawa, sumunod ang grupo sa panuto, maayos ang proseso ng paggawa, at hindi maaksaya ang gawa. Inayos ang mga gamit matapos ang gawa.<br><br>**1-5**: Nagpakita ang pangkat ng limitadong pag-unawa sa kaugnayan ng katapatan sa katotohanan at pagkatotoo, hindi malinaw ang pahayag ng tsart, may nakitang sinop sa paggamit ng mga kinakailangan sa gawain. Hindi masyadong nakikilahok ang ibang miyembro sa paggawa.<br><br>**IKATLONG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 4: Pagsasabuhay ng Katapatan sa Pamayanan**<br><br>**I. Pagproseso ng Pag-unawa:**<br><br>Babasahin at sasalunguhitan ng mag-aaral ang mga gawain at paglalarawan na nagpapakita ng katapatan sa maikling salaysay sa ibaba.<br><br>**Ang Aming Pamayanan**<br><br>Maliit ngunit matahimik ang aking pamayanan. Makikita ang katapatan ng mga mamamayan sa mabuting ugnayan ng mga tao dito. Tapat ang pakikitungo sa isa't isa. Sa bayang ito halos walang mandaraya o mapagsasamantala sa kahinaan ng iba. May *Honesty Store* kami dito na bukas para sa lahat. Kahit walang nakabantay, walang nandadaya kaya nagpapatuloy ito mga ilang taon na. | |

Kahit maliit lang at hindi marangya, tahimik ang buhay sa pamayanan. Bawat isa ay nangangalaga sa kapakanan ng pamayanan. Kaya kung may nakikita silang hindi tama, ito ay ipinararating sa kinauukulan. Pinanatili ng mga mamamayan ang katarungan. Kaya kapag may krimen, ang mga nakakakita ay nagiging saksi sa korte. Hindi nagpapabaya. Ang mga lider naman ay gumaganap ng tapat sa kanilang tungkulin. Masinop sila sa paggamit ng pera ng bayan.

Pinangangalagaan rin ng mga mamamayan ang kanilang kapaligiran. Alam nila na may kaugnayan ito sa kalusugan at buhay ng mga mamamayan. Kaya malinis at may ka-ayosan ang pamayanang ito. Walang nagtatapon ng basura kahit saan lang. Malinis ang kanilang ilog, puwedeng pag languyan ito.

May pagkakapantay pantay sa pamayanan namin. Kaya walang giyera at mangilan ngilan lang ang kremin. Halos wala akong makitang pulubi dahil ang mga pamilya ay nag-aaruga ng kanilang kamag-anak. Hindi nila maatim na pabayaan ang kanilang mahal sa buhay.

Ito ang pamayanan ko. Mahal ko ang bayan ko.

**Gawang Aralin**

**Panata ng Katapatan**

Gagawa ng Panata ng Katapatan ang bawat pangkat alinsunod sa panata ng Boy scout o Girl Scout kasama ang Girl Scout o Boy Scout Law, batay sa aralin ukol sa katapatan. Papalitan ng mga pangkat ang ilang salita sa Panata ng Boy Scout o Girl Scout alinsunod sa mga tanda ng katapatan sa kanilang tsart. Ito ay babasahin sa klase ng bawat pangkat.

Gabay sa Pagmamarka:

**Mahusay: (5/5)** Ang mag-aaral ay nagpakita ng malalim na pang-unawa sa pakikilahok sa pag-uusap tungo sa pagpili ng mga tanda ng katapatan at sa paggawa ng panata.

| | | |
|---|---|---|
| | **Husayan Pa: (3/5)** Ang mga mag-aaral ay may kakulangan sa pag-unawa at kulang ng sigla sa pakikilahok sa pag-uusap sa pagpili ng mga tanda ng katapatan at sa paggawa ng panata ukol dito.<br><br>**Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>**Gawang Aralin:**<br><br>**Inaasahang pagkatuto:**<br><br>Sa gawaing ito mabibigyan ng pagkakataon ang mag-aaral na ipakita ang kaniyang pakikilahok, pagmamalasakit, responsabilidad, pagkamatulungin, pagkamasinop, maayos, pagkapangulo (*leadership*), pagkamakatao, pagkamakakalikasan, maka-Diyos at makabayan.<br><br>**Katapatan sa Pamayanan *Class Activity***<br><br>Ang buong klase ay magpupulong. Maaari itong pangunahan ng pangulo ng klase o ng ilang boluntaryong mag-aaral sa gabay ng guro. Pagpapasiyahan ng klase kung sa papaanong paraan nila maipapakita sa kamag-aral ng kanilang paaralan ang kahalagahan ng katapatan. Maaaari silang humingi ng mga mungkahi at pag-usapan ang mga ito. Pagpipilian ng buong klase ang gagawin nila. Maaari din silang humingi ng mungkahi sa kanilang guro. Maaari din itong i-ugnay sa mga kailangang gawin sa paaralan ukol sa nalalapit na pagsusulit o pagsara ng klase.<br><br>**Mga bahagi ng plano ng *Class activity*:**<br><br>**Layunin**: Siguruhing malinaw ang layunin.<br><br>**Pangalan ng *Activity*:**<br><br>**Kagamitan**: Lista ng mga kinakailangan gamit at iba pa<br><br>**Panahon at Lugar, Petsa, oras** ng simula at pagtapos, at saan ito gaganapin<br><br>**Gabay**: Paano gagawin ang *activity?* Halimbawa lahat ay makikilahok sa isang pag-aaral ukol sa katapatan kagaya ng sa *yahoo poll.* Ang resulta ay ibabahagi rin sa pamamagitan ng mga paskil sa mga *bulletin boards.* | Puwedeng magpasiya ang guro na gawin ito ng mga pangkat-pangkat. Halimbawa maaaring ang isang pangkat ay maglagay ng mga paalala sa mga mag-aaral na kukuha ng pagsulit ng maging matapat (*honest*) at huwag mangopya at ipapaliwanag ang kahalagahan sa isang bata at sa pamayanan ng pagiging tapat. Iba naman ang gagawin ng ibang pangkat.<br><br>Maaaring tumulong ang mga lider sa pagbigay ng ebalwasyon sa kapuwa kamag-aral. Maaari din ang guro ay mag-masid upang makita ang pakikilahok at pakikipagtulungan ng bawat mag-aaral. |

**Pagsasagawa ng *Class Activity***

**Gabay sa Pagmarka ng Indibidwal na Pakikilahok (10/10)**

| Kategorya | Mahusay | Kailangan ng Pagpapabuti |
|---|---|---|
| Pakikilahok (3/3) | Tumulong na maabot ng klase ang layunin (**2**) ___ | Hindi tumulong para maabot ang layunin ng aktibidad **(0-1)** ___ |
| Pagpapatupad 3/3 | Aktibo at masigla sa paggawa ng Gawain, mabuting halimbawa bilang lider o tagasunod **(2).** ___ | Gumawa ng gawain bilang lider o tagasunod **(0-1)**. ___ |
| Pagkatuto (4/4) | Mahusay at malinaw ang naisulat na pagkatuto ugnay sa kasalukuyan at nakalipas na mga aralin.**(0-2)** ___ | Hindi malinaw ang natutuhan sa naisulat na pagkatuto ugnay sa kasalukuyan at nakalipas na mga aralin.**(0-2)** ___ |
| Kabuoang puntos | _____ | ______ |

**Gabay sa Pagsusuri at Pagmarka ng Sariling Pakikilahok sa Aktibidad ng Klase Ukol sa Katapatan**

Pagsusuri Tsekan (/) ang angkop sa iyo. Maging obhetibo para makita mo kung saan ka kailangan ng pag-unlad at pagpapabuti.

**Partisipasyon**
___ 1. Ako ay aktibo at buong pusong nakikilahok sa mga diskusyon at gawain ng klase.
___ 2. Ako ay kadalasang nakikilahok ngunit may mga pagkakataon na medyo hindi gaanong aktibo.
___ 3. Hindi ako gaanong aktibo sa mga gawain at diskusyon ng klase.

Batayan sa pagmarka sa Indibidwal na Pakikilahok:

**9-10:** Ang mga sagot ng mag-aaral ay nagpapakitakita ng tunay na katapatan sa sarili at kamag-aral. (Maaaring hindi lahat ay ang pinakamataas na puntos ngunit litaw na litaw ang sariling pagkatuto sa pagsagawa ng aktibidad.

**7-8**: May nakikitang pagkatuto ukol sa katapatan sa sarili at

<table>
<tr>
<td></td>
<td>Katapatan<br>___ 1. Ako ay nagpapakita ng tapat na pagganap ng mga gawain at sinusunod ang mga alituntunin ng aktibidad.<br>___ 2. Minsan kong nasusunod ang mga alituntunin ngunit may mga pagkakataon na hindi ko ito nasusunod.<br>___ 3. Hindi ko laging nasusunod ang mga alituntunin at may mga pagkakataon na hindi ako tapat sa gawain.<br>Pagtanggap ng Feedback<br>___ 1. Ako ay bukas sa pagtanggap ng puna mula sa guro at mga kapuwa mag-aaral.<br>___ 2. Hindi ako gaanong bukas sa mga puna at minsan ay nagiging defensive.<br>___ 3. Hindi ako komportable sa pagtanggap ng feedback at madalas akong nagtatanggol sa sarili.<br>Ang natutuhan ko ukol sa katapatan ugnay sa sarili ko sa class activity at sa pagsusuring ito:<br>____________________________________________<br>____________________________________________</td>
<td>pamayanan ng mga kamag-aral sa paggawa at pakikilahok sa aktibidad.<br><br>4-6: Kulang ang ipinakitang pagkatuto sa mga sagot ng mag-aaral. Walang sinseridad ang mga sagot.<br><br>1-3:Parang napilitan lamang ang mag-aaral na gawin ang sariling pagsusuri. Konti lang ang nakikitang pagkatuto sa aktibidad at gawang aralin.</td>
</tr>
<tr>
<td>D. Paglalahat</td>
<td>IKAAPAT NA ARAW<br><br>1. Pabaong Pagkatuto<br><br>Hahatiin ang klase sa mga pangkat-pangkat at gagawa ang bawat pangkat ng Islogan ukol sa katapatan. Ipapaskil ang mga ito sa silid-aralan bilang paala-ala sa mga kukuha ng pagsusulit.<br><br>Ang Aming Islogan ng Katapatan</td>
<td>Halimbawa ng Islogan:<br><br>“Katapatan: Tunay na Mahalaga, Sa Bawat Hakbang, Dapat Tapat ka”<br><br>Maaaring gamitin ng mga mag-aaral ang kanilang mga islogan at iba pang gawang aralin sa class activity nilang gagawin.<br><br>Batayan sa Pagmarka:<br><br>5/5: Litaw na litaw ang pagkatuto sa aralin sa mga islogan ng mag-aaral<br><br>3/5: My lumitaw na pagkatuto ugnay sa aralin sa islogan ng mag-aaral.</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | **1. Pagninilay sa Pagkatuto:**<br>**Katapatan sa Salita at Gawa**<br><br>Magtatala ang mag-aaral ng limang **kanais-nais na salita o gawa sa kaliwa na nagpapakita ng katapatan** at ang **kasalungat na salita o gawa nito sa kanan**. Ibabatay ito sa mga sanaysay at pagtatalakay sa araling ito.<br><br>**Mga Kanais-nais na Salita at Gawa na Nagpapakita ng Katapatan** — **Kasalungat at di Kanais-nais na Gawa ukol sa Katapatan**<br><br>**Halimbawa:** Totoong mabait — Pakitang tao lang ang kabaitan<br><br>Mga Sagot:1. ____________ ____________<br>2. ____________ ____________<br>3. ____________ ____________<br>4. ____________ ____________<br>5. ____________ ____________<br><br>**Rubrik sa Pagmarka:** (isang tsek bawat tamang sagot)<br><br>9/10: Litaw na litaw na kaalaman sa katapatan sa lahat ng sagot<br>7-8: May lumitaw na kaalaman sa katapatan sa apat na sagot<br>5-6: May lumitaw na kaalaman sa katapatan sa tatlong sagot<br>3-4: May lumitaw na kaalaman sa katapatan sa dalawang sagot<br>1-2: May lumitaw na kaalaman sa katapatan sa isang sagot | |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | MGA TALA SA GURO |
|---|---|

| | | |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit.** Punan ng tamang patinig ang mga patlang.<br><br>**Ang Batang Matapat**<br><br>Ang batang (1.) M __ T __ P __ T ay maaasahan,<br>Siya'y nagsasabi ng (2) K __ T __ T __ H __ N __ N.<br>Hindi (3.)MAPAG K__ N W __ R I, Hindi (4.) NAG M __ M __ Y __ B __ NG.<br>Ang batang matapat, (5.) PINANG __ NG__ R __NGA L __ N.<br>Halina't tumulong (6.) K __ T __ P __ T A N ay isulong<br>Sa (7.) S __ L __ T __ at (8.) G __ W __<br>Maging tapat na (9.) K __ T __ W __ L A<br>Lingkod ng (10.) P __ M __ Y __ N __ N<br>Tagapagtanggol ng (11.) K __ L __ K __ S __ N<br>Batang (12.) P__ L __ P __ N __, dapat (13.) M A K __ B __ Y __ N.<br><br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br><br>Magsalaysay ng tatlong gawain sa paglalapat ng mga natutuhan sa mga aralin natin, mga gawaing isasabuhay mo ngayong bakasyon.<br><br>**Mga Gagawin ko sa Bakasyon sa Paglalapat ng Natutuhan ko**<br><br>**Ukol sa Katapatan**<br><br>**1.** ________________________________<br>**2.** ________________________________<br>**3.** ________________________________ | Ang tulang ito ay karugtong ng nakaraang pagsusulit na maaaring kantahin sa tono ng "Leron, Leron Sinta." Maaaring punan ng guro sang ibang puwang kapag nakita niyang hirap ang klase.<br><br>Mga sagot:<br>1. MATAPAT<br>2. KATOTOHANAN<br>3. MAPAGKUNWARI<br>4. NAGMAMAYABANG<br>5. PINANGANGARANGALAN<br>6. KATAPATAN<br>7. SALITA<br>8. GAWA<br>9. KATIWALA<br>10. PAMAYANAN<br>11. KALIKASAN<br>12. PILIPINO<br>13. MAKABAYAN<br><br>Gabay sa pagmarka:<br><br>12-13: Napakagaling<br><br>9-11: Magaling<br><br>8-10: May Galing<br><br>5-9: Galingan pa<br><br>1-4: Kailangan ng pagpapagaling |

<table>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td>Angkop ba sa baitang ng mga gawaing aral?<br><br>Nagawa ba ng mag-aaral ang mga gawaing aral sa tamang oras?</td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td>Hindi ba naging hadlang ang kawalan ng gamit sa pagtaguyod ng mga gawang aralin?</td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td>Nakilahok ba ang mga mag-aaral sa mga gawain/<br><br>May sigla ba ang mga mag-aaral sa pag gawa ng mga ito?<br><br>Naging madali ba ang pagsunod ng mga mag-aaral sa mga panuto?</td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td>Napagaralin ba ang lahat ng paksa sa nakatakdang mga araw (dalawang linggo).</td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br><br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u></td><td>Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | *Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br><br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br><br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br><br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br><br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br><br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito. |